OCTOBER 2010
ISSUE 27

FILIPINO MAGAZINE

PAG-USAPAN PO NATIN !

مجلة لنتحاور ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد السادس والعشرون



KOOPERASYON

IPINAMIMIGAY NG LIBRE

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف
24712574

OCTOBER .indd 1 10/4/10 10:36:37 AM

LIBRENG PAG-AARAL SA KPCCENTER

ARABIC & KUWAITI DIALECT

BATCH OCTOBER 2010 TO JANUARY 2011


Friday 2:00 - 3:30 PM BEGINNERS


Thursday 6:30 - 8:00 PM BEGINNERS

Friday 3:30 - 5:00 PM ADVANCED

FOR REGISTRATION, CALL KPCCENTER

Tel. 24712574 ext. 111 (women), 102 (men)





FILIPINO MAGAZINE
PAG-USAPAN PO NATIN !
ISSUE 24

Chief Patron
Mohammad Ismail Al-Ansari
Editor
Ahmad Yusuf Abaya
Columnists:
Joselito Tabing
Joshua Barbas
uaya
Abdul Qadir Laja
Ust. Abubaidah Salud Satol
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Wahibie Tamama
Mailyn Rodriguez
Usta. Pahima Guiabal
Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Bro. Muhammad F. Sumaway
Bro. Ahmad Yusuf Abaya
Usta. Halima Mantawil

Designer
Nader Bellal
PUBLISHED BY
KPCCCenter
Farwaniya, Block 1
Street 74 corner Street 72
Building 12
Phone (965) 24712574
Fax (965) 24712574 (102)
Hotline: 97802777
www.kpccenter.com
www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea
General Director
Shk. Abdulhadie Gumander
Executive Director
Ust. Marouf Baraguir Ali
Assistant Executive Director
Men Section
Usta. Halima Mantawil
Assistant Executive Director
Women Section

IPC

مؤسسة زخرف للدعاية والاعلان
Zukhruf Advertising Agency



Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ang KPCCenter ay bumabatay sa mga katuruan, mga kahalagahan, at mga kaugaliang pang-Islam. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat ng mga relihiyon at mga sektor upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, magpadala ng e-mail sa:

pagusapan@gmail.com

2 ANONG MERON SA BUWAN NG OKTUBRE
ماهو الموجود في أكتوبر

3 MAGTULUNGAN TAYO, MAGKAISA
لاتعاون ونتحد

4 KOOPERASYON - ISANG KWENTO
التعاون

5 SERGIO OSMENIA: PAGGUNITA
سيرجيو اوسينيا

6 MAKI-ALAM! KUWAIT:
Haraj: Ukay-ukay sa Kuwait!
تعرف على الكويت

8 PAG-ARALAN ANG ARABIK:
Lesson 17
تعلم اللغة العربية

9 TANONG AT SAGOT: Pagsubok ng Buhay
سؤال وجواب

10 MINDANAO, ALAMIN NATIN:
Ang Bangsamoro
شعب مورو

11 BAJAO
باجاو

12 MEN SECTION ACTIVITIES
انشطة المركز قسم الرجال

13 EID AL-FITR PICTURES
صور لعيد الفطر

14 BISAYA: Lungsod sa Nasipit
لغة بيشايا

15 BISAYA JOKES
طرائف - (لغة البيشايا)

16 BASA A MORO
لغة المورو

18 MAGTAWANAN TAYO
طرائف - تجالوج

19 SARI-SARING KAALAMAN:
Ano ang On-line Studies?
معلومات متنوعه

20 PINOY RECIPE
تعليمات الطبخ - الفلبينيه

21 ISYUNG PANGKALUSUGAN:
Benepisyong Makukuha sa Kabute
المسألة الطبية

21 MAHALAGANG MGA
NUMERO SA TELEPONO
أرقام هاتفيه مهمه



ANONG MERON SA BUWAN NG

OKTUBRE

Sirka 1050 ng unang gamitin ang ugat ng salitang **OKTUBRE** *na «octo» na ngangahulugang ikawalo. Gayumpaman, tandaan na ang Oktubre ay ang ikasampung buwan sa pangkaraniwang kalendaryo sa kadahilanang nagkaroon ng pagbabago ng mga pangalan ng buwan, pagdadagdag araw at buwan sa kalendaryo noong kapanahunan ni Gregoryo.*

Ang **SAGINGAN FESTIVAL** *ay ipinagdiriwang tuwing Oktubre sa Tubod, Lanao del Norte. Ginaganap ito bilang pasasalamat para sa magandang ani ng mga prutas, partikular ang saging. Ang salitang "sagingan" ay tumutukoy sa taniman ng mga saging, na pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga taga-Tubod. Nagdiriwang ang mga lokal na mamamayan sa pamamagitan ng pagpaparada at pagsasayaw sa mga kalsada ng bayan, suot ang mga makukulay na damit mula sa iba›t ibang parte ng puno at bunga ng saging. Nagkakaroon rin ng ilang pagtatampok sa iba›t ibang produkto gamit ang saging pati na rin ang iba pang mga prutas na nagmumula sa lugar. Dinadayo ang naturang selebrasyon pati na ng mga turistang malabis na humahanga sa kasipagan at talento ng mga Pinoy.*

FIESTANG KULIAT, Angeles City
ZAMBOANGA HERMOSA FESTIVAL, October 1- 12, Zamboanga City, ang tinaguriang «City of Flowers»
PISTA NG GUBAT, October 1, Pandan, Antique
WOW DABAW, October 1- 15, Davao City
KINILAW FESTIVAL, October 2, Surigao City
SINANGGIYAW FESTIVAL, October 4, Dumanju, Cebu
PAGODA (Feast of St. Francis of Assissi), October 4, Cardona, Rizal
KIDAPAWAN CITY FRUIT FESTIVAL, October 5- 10, Kidapawan City
LA TORRE, October 6, Cardona, Rizal
HARANA SA MAKATI, October 6, Makati City
FEAST OF OUR LADY OF THE HOLY ROSARY, October 7, Dipolog City
BAGLUS FESTIVAL, October 9, Angeles City
TING'UDO FESTIVAL (Fruit harvest), October 10, Makilala, Cotabato
INUG-OG FESTIVAL, October 14, Oroquieta City
KAPAKYANAN FESTIVAL, October 14- 15, Victoria, Mindoro Oriental
HALAD FESTIVAL, October 15, Talisay City, Cebu
KASANGGAYAHAN FESTIVAL (PROSPERITY), October 15- 25, Sorsogon, Sorsogon
LEYTE GULF LANDING ANNIVERSARY, October 17- 20, Dulag and Palo, Leyte
PAMUGU-AN FESTIVAL, October 17- 23, Mansalay, Mindoro Oriental
ANA KALANG FESTIVAL (Agri Fair), October 18- 22, Nagcarlan, Laguna
MASSKARA FESTIVAL & BACOLOD CHARTER DAY CELEBRATION, October 19, Bacolod City
LANZONES FESTIVAL, October 20 - 24, Camiguin
CATANDUNGAN "PADAYAW" FESTIVAL, October 21- 23, Catanduanes
BUGLASAN FESTIVAL, October 22, Dumaguete City, Negros Oriental
PMA FOUNDATION ANNIVERSAY, October 24, Baguio City
IBALONG FESTIVAL (EPIC TALE OF SUPERHEROES), October 25- 31, Legazpi City, Albay
BATTLE OF SURIGAO STRAIT, October 25, Surigao City, Surigao del Norte
BANAYAN FESTIVAL, October 26- October 28, Banaybanay, Davao Oriental
SAMBUOKAN FESTIVAL, October 27- 29, Mati, Davao Oriental
APO FIESTA, October 28, Angeles City
TIGITIGAN AT TARAKAN KENG DALAN, October 28 -29, Balibago, Angeles City
ASWANG FESTIVAL, October 29- 30, Roxas City
HINUGYAW SA ANILAO, October 31, Anilao, Iloilo

Kamatayan

October 19, 1961, namatay si Sergio Osmeña, ikalawang pangulo ng Komonwelt ng Pilipinas (kapanganakan 1878)

ADVERTISING RATES	Original Rates KD	6 Months 20% Discount	Yearly 30% Discount KD	
Regular Full Page	100	80	70	840
Half Page	50	40	35	420
Quarter Page	25	20	17.5	210
Inside Front Cover Full Page	150	120	105	1,260
Inside Back Cover Full Page	150	120	105	1,260
Back Cover Full Page	200	160	140	1,680
Center Spread Pages	200	160	140	1,680
For more information, call 24712574 ext. 109				

OCTOBER .indd Sec1:2 10/4/10 10:36:41 AM



MAGTULUNGAN TAYO, MAGKAISA

Taong grasa, pulubi, mga batang kalye, nakasalubong mo na ba sila sa daan? Mag-anak na natutulog sa karton, mga batang naghahalungkat sa bundok ng basura, mga taong nakatira sa gilid ng sea wall. Natitiyak ko na nakita mo na sila, maaaring personal o sa napapanood mo sa telebisyon. Ano ang nararamdaman mo kapag nakakakita ka ng tulad nila? Sa palagay mo, ang kanila bang dignidad bilang tao ay nababawasan dahil sa kanilang kalagayan?

Subukan mo naman na magmasid sa ibang bahagi ng ating lipunan. Pumunta ka sa Dasmarinas Village sa Makati, sa Ayala Alabang sa Muntinlupa o di kaya ay sa Corinthian Gardens sa Ortigas, naglalakihan at mga malapalasyong tahanan, iba't-ibang modelo ng sasakyan, saganang kainan at salaping halos wala ng paglagyan. Ano naman ang damdaming naghahari sa iyo kapag nakakakita ka ng ganito? Tila hindi makatarungan ang buhay ano? Kulang na kulang ang marami, labis-labis naman ang iilan. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng huli, ano kaya ang maaari mong gawin upang matulungang itaas ang kalagayan ng mga taong kapus-palad?

"May sakit ang mundo. Ang sakit na ito ay sanhi ng hindi produktibong monopoly ng yaman ng iilan at nag kawalan ng pagkakapatiran ng mga indibidwal at mamamayan." Ito ang sabi ni Papa Pablo VI. Binibigyang puna niya ang katotohanang kulang tayo sa pagsasabuhay ng pagkakaisa at pagtutulungan upang maitaguyod ang kabutihang panlahat. Ang pahayag na ito ay nauugnay sa pagsasabuhay ng solidarity at subsidiarity na unang binanggit ni Papa Pius XI. "Ang lipunan ay uunlad lamang kung kikilalanin ng mamamayan na ang mga institusyon at samahang panlipunan ay may iba't-ibang Gawain. Hindi nararapat pakialaman ng isang nakatataas na institusyon o organisasyon ang maliit niyang nasasakupan maliban na lamang kung kakailanganin ang kanyang tulong at koordinasyon upang higit na maging epektibo ang pagbibigay serbisyo nito sa mamamayan na magiging daan sa pagkakamit ng kabutihang panlahat."

Isinilang ang bawat tao ng may taglay na dignidad. Nag-uugat ito sa katotohanang siya ay isinilang na natatangi at itinalaga sa paggawa ng mabuti. May angkin siyang talino at malayang loob (will). Ang pagkakamit ng kanyang kaganapan bilang natatanging nilikha ay mahalagang isaalang-alang. Walang isinilang na perpekto. Lahat tayo'y may kakulangan at mga pangangailangang maari lamang nating matugunan sa pamamagitan ng ating kapwa. Dahil dito, napakahalang magtulungan ang bawat isa tungo sa pagkakamit ng ating kaganapan bilang tao. Dito papasok ang prinsipyo ng solidarity at subsidiarity. Ayon pa ni Fr. Joseph M. de Torre, ang prinsipyo ng solidarity ay nagbibigay diin sa kabutihang panlahat, tungkulin, kooperasyon, at pagkakapantay-pantay. Ito ang mag-aakay sa estado upang itaguyod ang kabutihang panlahat kahit na kung minsan ay maisakripisyo ang kapakinabangan ng ilang indibidwal. Ang prinsipyo ng subsidiarity ay nagbibigay diin sa katauhan ng isang indibidwal, karapatan, privacy, at kalayaan. Ito ang mag-aakay sa estado na igalang at pangalagaan ang mga likas na karapatan ng bawat indibidwal at ng pamilya na naaayon sa kabutihang panlahat. Dagdag pa niya, mahalagang panatilihin ang balanse ng dalawang ito upang higit na mabigyang pansin ang pagkakamit ng kabutihang panlahat at pagkilala sa dignidad ng tao. (Project EASE, bse.portal.ph)

OCTOBER .indd Sec1:3 10/4/10 10:36:42 AM

KOOPERASYON – ISANG KWENTO




Isang araw, si Kamay, Bibig, at Ngipin ay nagsimulang magtalo. Nagrereklamo sila sapagkat nakikita nila na walang ginagawa si Tiyan, samantalang sila ay hirap na hirap magtrabaho. Ang nakikita nila ay ang kani-kanilang paghihirap samantalang si Tiyan ay nagpapahinga lamang at tanggap ng tanggap ng lahat ng kanilang pinagpaguran. Dahil sa kanilang paniniwalang ito, nagkasundo sila Kamay, Bibig at Ngipin na titigil sila sa kanilang Gawain. Kinabukasan, hindi na dinala ni Kamay ang pagkain kay Bibig, wala ng ipinasang pagkain si Bibig kay Ngipin, at wala ng nginuyang pagkain si Ngipin.

Hindi nagbilang araw, dahan-dahan nanghina ang buong katawan at naramdaman ni Kamay, Bibig at Ngipin na sila man ay nanghihina na rin. Dahil sa walang tinunaw na pagkain si Tiyan, walang enerhiyang maipamahagi sa buong katawan kung kaya't nakaramdan ang buong katawan ng panghihina. Ito ang naging daan upang magbago ang dating pananaw nila Kamay, bibig at Ngipin. Napagtanto nila na si Tiyan man pala ay may mahalagang gawain bagaman di nila napapansin. Mahalagang magkaisa ang bawat isa upang mapanatiling malusog hindi lamang ang mga bahagi kundi maging ang buong katawan. (Halaw mula sa 500 Stories, ni Frank Mihalic)

Nakakita na ba ng walis tingting? Bakit mahalaga ang bigkis na nagtatali sa kanila? Maiwawalis mo ba ito kung iisa lamang tingting ang gagamitin? Anong aral ang maaari mong matutunan sa walis na ito?

OCTOBER .indd Sec1:4 10/4/10 10:36:43 AM

SERGIO OSMEÑA : PAGGUNITA



Tubong-Cebu at ipinanganak noon Septembre 9, 1878, si Sergio Osmeña y Suico, higit na kilala ngayon bilang Sergio Osmeña, Sr. ang ikalawang pangulo ng Komonwelt ng Pilipinas, mula Agosto 1, 1944 hanggang Mayo 28, 1946. Siya ang ama ni dating Senador Sergio Osmeña Jr at lolo nina Senador Sergio Osmeña III, John Osmeña, dating Gobernador Lito Osmeña ng Cebu at Mayor Tomas Osmeña.

Si Osmeña ay nanguna sa mga nagtapos ng primarya sa kanyang paaralan. Nag-aral ng sekundarya sa Seminario ng San Carlos sa Cebu. Nagtungo siya sa Maynila at nag-aral sa San Juan de Letran, kung saan nakilala niya si Manuel L. Quezon.

Nang sumiklab ang rebolusyong Pilipino noong 1896, bumalik sa Cebu si Osmeña. Ipinadala siya ng lokal na liderato ng Cebu para ibalita kay Emilio Aguinaldo ang sitwasyon sa Cebu. Noong 1900, naging tagapag-lathala at patnugot siya ng pahayagang El Nuevo Dia.

Nagbalik siya sa Maynila para mag-aral ng abogasya sa Unibersidad ng Sto. Tomas, kung saan ay muli silang nagkita ni Quezon. Noong 1903, siya at ang kanyang mga kamag-aral ay pinahintulutan ng Korte Suprema na kumuha ng eksamen sa bar kahit tatlong taon pa lamang ang kanilang natapos. Si Osmeña ay pumangalawa sa naturang eksamen sa bar.

Dalawampu't limang taong gulang siya nang maatasang pansamantalang gobernador at pagkapiskal ng lalawigan ng Cebu. Pagkaraan ng dalawang taon, naging gobernador siya ng lalawigan.

Nagbitiw siya sa kanyang katungkulan bilang gobernador nang maitatag ang Asemblea Filipina noong 1907. Tumakbo siya at nanalong kinatawan ng ikalawang distrito ng Cebu. Nahalal siyang ispiker ng asemblea, isang posisyong hinawakan niya ng sumunod na 15 taon. Naging senador siya mula 1923 hanggang 1935. Tinanghal siyang «Senate President Protempore» noong 19231933-. Naging kasapi rin siya ng Misyong OsRox (Osmeña-Roxas), isa sa mga misyong ipinadala sa Estados Unidos para ikampanya ang kasarinlan ng Pilipinas. Nahalal siyang pangalawang pangulo ng Komonwelt ng Pilipinas noong 1935.

Nang mamatay sa Estados Unidos si Quezon, si Osmena ang pumalit na presidente ng Komonwelt. Nasa Estados Unidos noon ang gobyerno dahil hawak ng Hapon ang Pilipinas. Nang matalo ang Hapon, si Osmena ang nangasiwa ng pagsasaayos ng bansa mula sa gulo at, pagkawasak na likha ng digma. Isang mahirap na tungkulin ito. Maraming naging problema at alingasngas. Ito marahil ang dahilan kaya humina ang kanyang liderato.

Noong Abril 23, 1946, nagkaroon ng pangkalahatang halalan. Paghahanda ito sa pagbibigay ng kalayaan ng Estados Unidos. Kumandidato bilang pangulo si osmena ngunit natalo. Umuwi siya sa Cebu ngunit patuloy na nakisangkot sa gawaing pambayan hanggang sa bawian siay ng buhay noong Oktubre 19, 1961.

OCTOBER .indd Sec1:5 10/4/10 10:36:43 AM

Maki-Alam!

HARAJ: UKAY-UKAY SA KUWAIT!

Ni Joshua Yusuf Barbas




Haraj ang tawag sa lugar dito sa Kuwait, kung saan makikita ang sari-saring mga bagay-bagay na gamit pang-bahay, pang-trabaho at kung anu-ano. Damit, sapatos, bag, gamit pang-kusina tulad ng refrigerator, microwave, toaster, blender, stove o burner, gamit pang-kuwarto ng bahay tulad ng sopa, cabinet, kama, kutson, unan, patungan ng mga appliances at iba pa, pati mga electronic' products ay makikita at mabibili din dito ang mga laptop, personal computer (o PC), CD o DVD player, TV na luma o flat screen at iba pang pwede mong maisip na gusto mong mabili, mga carpets o rugs, kurtina, kuna, estante, mga laruan, bike at motorbike, gamit sa kotse o pang-trabahong mga handtools at iba pang importanteng gamit pang-trabaho o mga handtools at mga pyesa sa iba't-ibang kinukumpuni o isina-sa-ayos. Ayon pa sa ating mga nakuhang source sa loob at labas nito, pati pala bentahan ng mga used na kotse at mga spare parts ay ginagawa na rin ditong negosyo.

Pero maaaring iniisip ng iba ng mga suking mambabasa natin, na ang mga makukuha lamang dito ay mga luma, gamit na o second-hand na, ang pwede lamang mabili dito. Ngunit pinalaki na ang gusaling ito at nahahati sa ibat-ibang espasyo at pwesto para sa used o gamit na. Hiwalay ito sa south area naman ng mga new o bagong mga produkto na 'di nabibili sa mga shops nila, kaya ang diskarte nila ay uupa ang kanilang mga shops sa labas o company sa Haraj ng isang pwesto sa loob para maging malapit sa mga tao o potential customers, kaya 'nga pati ilang mga damit na bago at gamit panglinis sa bahay ay mabibili na rin dito. May bangko, masjid, pahingaang mga upuan na may lilim o shade at marami naring makikitang mga restaurants mga nagtayuan ay nag-o-operate sa loob at labas ng Haraj na talagang click o patok sa masang-Kuwait at mga expats.

Ang Haraj ay araw-araw bukas ngunit ang weekends (Thursday to Saturday) ang siyang mas patok na mga araw para mamili ito'y matatagpuan sa Al-Rai, lugar makaraan o lagpas ng 4th Ring Road at Shuwaikh kung galing ka ng Kuwait City at 'di na aabot pa ng 5th Ring Road o Omariyah at Farwaniyah, tapat ito ng Yarmoukh. Tingin naman natin walang Kababayan ang 'di ito batid at kadalasan bantog ito at kilala na, wala pa 'ata akong na-meet na Pinoy na 'di ito alam, maliban na siguro sa mga nagtatrabaho sa bahay at baguhan sa Kuwait. May nabalitaan man tayo na may ukay-ukay sa Jleeb pero ito ay illegal na tumatakbo doon, 'di tulad ng ating binibida ay ito'y legal at may permit mula sa Baladiyah, ang ahensiya o ministry ng gobyernong Kuwait na nagbibigay ng permiso kung ang mga gusali, ari-arian at iba pang bagay na kung ito ay pumapasa pa sa mga standards o ito'y walang depektibo at pwede 'pang maibenta. So, sa bansang Kuwait, Alhamdulillah! May tumitingin at nag-iinspeksyon sa ganitong mga bagay 'di tulad sa atin sa Pilipinas, marami ka mang makikitang ukay-ukay sa Maynila o ibang panig ng mga probinsiya, ang mga ito'y purong walang mga lisensya sa mga munisipyo, o City Hall at 'di pa rin ito naisa-batas para tumakbong legal na negosyo sa ating bansa. Maraming mga sumubok na pasukin ang ukay-ukay center na maitayong negosto na panay mga damit at ibang fashion at accessories galing HongKong at India ang mga paninda doon. Ngunit 'di pa rin pasado ang ganitong negosyo para mag-operate. Pero dito sa Kuwait kung ikaw ay matiyagang magsuri sa iyong pipiliin at bibilhin maaaring makatagpo ka ng branded na mga bagay-bagay, mapa-damit, sapatos, bag at iba pang atin nang mga nabanggit. Ito naman ang kwento natin nahalukay este nakuha at naipon para sa artikulong hain natin sa buwang ito. Ang sari-saring kwento at mala-ukay-ukay na salaysayin ng mga bida natin ngayong mga tinaguring mga suki sa Haraj ng Kuwait. Ang palaging schedule na hang-out tuwing weekends sa Kuwait ay ang Haraj. Kung saan maaaring inaabangan ano ang bagong mabibiling pwedeng pang maisuot, ma-gamit, ma-ibenta, at ma-ipadala o package pang-'Pinas.

Si Anton tubong-Zambales na taga-Hawally 3 taon na sa Kuwait bilang Mekaniko sa Shuwaikh ay isa sa palagiang mga umaasang makakakuha ng magagandang mabibili at mapipili sa Haraj, Huwebes pa lang ng hapon o 'di



OCTOBER .indd Sec1:6 10/4/10 10:36:44 AM

kaya'y maaga ng Biyernes, present na ang ating bida para naman maabutan ang mga bagong used na mga kung anu-ano ang masipat ng kanyang mata ay huli! Bibilhin n'ya ito agad. Madalas sa ipon at nire-repair na mga electronics products tulad ng CD player at mga DVD walkman ay ito ang mga puntirya n'ya o kanyang hinahanap, isa din sa kanya namang diskarte ay kailangan maabangan n'ya ang buhos ng mga sako-sakong used na mga sports shoes na branded, dalawang reason lang naman ang nabanggit n'ya bakit ito ginagawa mahilig s'ya talaga sa sapatos at ito ang mga iniipon n'yang pang-regalo sa ipon na cargo box para ipadala sa atin, para din naman sa mga kapatid at mga kapamilya n'ya. Ok din naman ang diskarte ng mga kaanak n'ya doon ang ilan sa padala ay binebenta din doon sa kanilang probinsya kaya magandang kitaan kahit papaano ang ginawa n'yang tulong sa mga kuya doon sa lungsod ng Iba. Galing mo bro! Madiskarte ka talaga, nabigyan mo pa ng pagkakitaan ang kapamilya mo sa atin.

Si Ate Normalyn na taga-Mahaboulah, maaga pa lamang ng Biyernes, ay isa na s'ya mga masugid na mga umaasa din na makahalukay at maka-target (makakuha) ng mga magagandang damit at bag ang kanyang hinahanap at mabibili. Isa ito sa mga palagiang ginagawa n'ya pag-naipon tulad ng way ni Anton pang-regalo ito sa mga apo n'ya sa atin, magagandang damit ang lagi n'yang matiyagang hinahanap sa lahat ng mga tindahan na mayroon s'yang masipat, sigurado doon mo s'ya makikita nakaupo, humahalukay na pumipili at laging may malaking plastic bag na dala para sa mga nabili, marami sa kanyang pang-araw-araw na gamit ay galing sa Haraj. Ang biro pa 'nga ni Ate noon mga late 90's pa, ayaw n'ya rin ang mga lumang damit o used na. Nang minsang ibidida o pinakita ng kanyang kasamahan ang blazer na suot n'yang pamasok sa trabaho ay 'di sya makapaniwalang galing ito sa ukay-ukay o haraj, mas maganda at branded pa kumpara sa suot n'yang nabiling mahal sa isang kilalang fahion shop dito Kuwait. Kaya noon naimpluwensyahang sumama minsan ng mga katrabaho tuwing weekends, lumaon ngayon ay kahit siya na lamang mag-isa ay talagang laging present ang Ateng ito. 'Di sa dahil gusto n'ya lagi ang gamit na o used. Ang kanyang dahilan din ng palagiang nasa Haraj ay maganda itong exercise n'ya kahit man once a every week kasi mas maganda ang pakiramdam n'ya na siya ay nakapamamasyal at na-e-enjoy n'ya ang kanyang habit na mag-gagala tuwing Biyernes ng umaga.

Sa mga mahilig sa mga butingting o pag-aayos ng kung anu-ano, isang partimer mula sa Ilo-ilo ang ating napiling pangatlong bida si Kuya Wilfred, 8 taon sa abroad na sa Sawaber, Kuwait City nakatira. Isa sa partime n'yang trabaho ay gumawa ng TV, sirang mga appliances at iba pang tulad nito ang kanyang takbuhan every time ay ang Haraj para maghananp ng ilang mapi-pyesang tulad ng kinukumpuni n'yang sirang gamit. Kaya madalas nakakahuyan o nakukuhaan ng parts ang galing sa mga nahahanap n'ya sa Haraj. 'Matiyaga ka 'nga lang at madiskarte' ang payo n'ya. Lagi siyang may dalang tester sa bag at battery para ma-check n'ya ang gustong mapili at bilhin doon. Biro 'nga ng mga nagbabantay na mga Bangladeshi doon ay Filipini wajid mook! (Matalino daw ang mga Pilipino!) Kasi bago 'nya bilhin tiyak n'yang 'di sira ito at umuubra pa. Kasi ang payo 'nya kung gusto mong bumili ng mga dikuryenteng mga bagay kailangan tiyaking 'di ito shortaged o sira at ito'y gumagana pa. Mahal din kasi ang checking area doon ng mga pa-te-test kung umuubra pa, Rubah Dinar din ang charges pataas depende sa ipapatesting na dikuryenteng gamit.

Bilang pang-huling mga napili nating mga k'wento ay galing sa karamihang karanasan dito ng mga humahawak ng mga flat o apartment sa atin. Kadalasan dito kinakailangan ang mga importanteng gamit pangkusina, tulad ng mga cabinet at lutuan, may kamahalan ang magpagawa nito sa mga karpentero, masuwerte ka kung bago ang flat na inuupahan mo, kasi ito ay kadalasan nang gawa na o built-in na, kulang na lang ng Ref, mesa at mga upuan. Ang kadalasang mga pangkwartong higaan, double deck na kama, mga kunang pangbata, mga cabinet, dresser, patungan ng mga appliances, mesang kainan, desk, upuan, sopa at iba pa. Ang mga ito'y ubod ng mahal kung bibilhin sa mga kilalang tindahan, kaya 'nga madalas na opinyon at first priority na idea kung saan makakabili ng lahat na ito - Haraj ang tungo at ang bibilhing swak lamang sa budget pang-Pinoy. Basta kung ito ay mga personal mong gagamitin tiyaking ang mga ito ay 'di gaanong mga sira at walang mga depektibong malala at madali lamang marepair. Dagdag pa nila maging mabusisi sa pinipili tiyak na tayo ay temporary lang namang namamasukan sa Kuwait, kaya 'wag nang isa-isip pang maging maluho sa gamit kung ito ay mapapakinabangan pa naman. Kung ang iba ay uubra pa naman ay bakit 'di ito pag-tsagaan muna para magamit. Payo lamang ang ating ibinahagi kung 'di kakayaning makabili ng mga bagong branded na kagamitan sa bahay.

Sa muli nawa'y nagustuhan po ninyo ang ating mga napiling ukay-ukay na kwento ngayong buwan at napulutan nawa ito ng ilang simpleng payo at idea na inihatid sa atin ng mga ka-kwentuhan sa mga nakaraang linggong pag-iikot natin, kung kayo po ay may kwentong kakaiba at kwentong Kuwait na gustong maisali sa ating series ng Maki-alam. At sa mga reaksyon at katanungan, ay mag-email lamang po sa inyong lingkod sa j8shua_2020@yahoo.com at makaka-asa po kayo agad ng kasagutan. Hanggang sa uulitin, Insha Allah! Maraming salamat sa lahat ng mga suki, Masalam!

TRIVIA:
Sa bansang Kuwait kasalukuyang kinukumpuni pa ang tinaguriang pinakamataas na gusali sa bansa ang Al-Hamra, na expected tatapusin ngayong taon 2010, may taas na 412 meters (1,352 ft.) at mayroong 77 baitang (o floors) na matatagpuan sa Sharq, Kuwait City. Itatalang ika-12 pinakamataas na gusali sa buong mundo. Pagmamay-ari ito ng Ajial Real State at nagkakahalaga ng US$950 Million. May lawak na 98,000 square meters (1,050,000 sq. ft.) para sa commercial at office space at may 11 palapag na mga car parking area. Kasalukuyang (2010 list) ang pinakamataas na gusali sa buong mundo ay ang Burj Khalifa ng Dubai, UAE, na may taas na 2,717 meters.
Sa Pilipinas naman ang pinakamataas na gusali ay ang PBCom Tower, may taas na 259 meters (850 ft.) may 52 baitang (o floors), at may lawak na 119, 905 square (1,291,000 sq. ft.) matatagpuan ito sa Ayala Avenue, Makati City. Nagbukas noong 2000. Nakatalang ika-120 pinakamataas na gusali sa buong mundo. Pagmamay-ari ng Philippine Bank of Communications (o PBCom). At ito ay nagkakahalaga ng US$74 Million. (Source: www.wikipedia.org)

OCTOBER .indd Sec1:7 10/4/10 10:36:44 AM

PAG-ARALAN ANG ARABIK

Ni Usta. Halima Mantawil, Asst. Executive Director, Women Section, KPCCenter

Lesson 17

Ang kahulugan sa Tagalog	Pagsasaling titik	Magkakasama na titik ng salitang Arabik	Magkakahiwalay na mga titik ng salitang Arabik
Ang Kapistahan	Al – A'yaad	الأعياد	ال أ ع ي ا د
Eidul -fitr	Eidul - Fitr	عيد الفطر	ع ي د ا ا ف ط ر
Eidul– Adh haa	Eidul – Adh haa	عيد الأضحى	ع ي د ا ل أ ض ح ى
Araw ng Arafah	Yawmul - Arafah	يوم العرفة	ي و م ا ل ع ر ف ة
Tatlong araw pagkatapos ng Eidul – Adh haa	Ayyam Tashreeq	أيام التشريق	أ ي ا م ا ل ت ش ر ي ق

Mga Katinig
Harakat
Fathah = "a"
halimbawa بَ = Ba
Kasrah= "I"
halimbawa بِ = Bi
Dammah "u"
halimbawa بُ = Bu

Ang Alpabetong Arabik

Raa ر	Dhaal ذ	Daal د	Khaa خ	Haa ح	Jeem ج	Thaa ث	Taa ت	Baa ب	Alif أ
Faa ف	Ghaieen غ	Aieen ع	Zaa ظ	Taa ط	Daad ض	Saad ص	Sheen ش	Seen س	Zaa ز
	Yaa ى	Yaa ي	Haa ه	Waaw و	Noon ن	Meem م	Laam ل	Kaaf ك	Qaaf ق

Para sa mga Filipinong nais mag-aral ng Arabik na LIBRE, tumawag lamang sa ating KPCCenter, 24712574 extention 111 sa mga babae, at extention 102 sa mga lalaki.

OCTOBER .indd Sec1:8 10/4/10 10:36:44 AM



Mga sagot ni Skh. Abdulhadie Gumander na itinala ni Bro. Abdullah Tabing

TANONG AT SAGOT

Pagsubok ng Buhay

TANONG:

Bakit po ba may mga tao na lagi nalang dumaranas ng mga kahirapan, mga kapighatian at mga suliranin sa buhay? Kahit ako po ay kabilang sa kanila, kung minsan ay hindi pa natatapos ang isa ay may panibago na naman na dumarating, kaya minsan inisip ko na lamang na ito ay maaaring kabilang sa aking kapalaran, subalit kung minsan ay naitatanong ko rin kung bakit nga ba lagi na lang may ganitong mga pangyayari. Kaya›t ako po ay dumudulog sa inyo Ustad, kung ano ba ang pananaw ng Islam para sa mga taong laging dinaratnan ng mga nabanggit na pangyayari sa buhay?

SAGOT:

Bismillahi, Walhamdulillahi Wassalato Wassalamo Ala Rasulillahi Waala Alihi Wasahbihi wa ba›d. Kapatid, ang mga ito ayon sa paniniwala ng karamihan at ayon din sa Islam, ay mga pagsubok subalit may ilan na nagsasabi, "Hindi ba ang mga pagsubok at pagdurusang kinakaharap ng tao ay tanda lamang na walang Diyos o kaya'y hindi Siya mahabagin?" Kung iisipin lamang ng tao ang mga positibong bunga ng mga pagsubok at pagdurusa, hindi siya magtatanong ng ganito. Isinalaysay ni Ibn Rajab ang mga sumusunod na kapakinabangan ng mga pagsubok at pagdurusa:

1. Ang mga pagsubok at pagdurusa ay nagsisilbing paraan upang alisin ng Allah ang kasalanan ng tao.

2. Ang pagharap sa mga pagsubok at pagdurusa sa tamang paraan nang may pagtitiis ay pinagmumulan ng biyaya at kasiyahan ng Allah.

3. Ang mga pagsubok at pagdurusa ay nagsisilbing paraan upang isipin ng tao ang kanyang mga kasalanan na maaaring humantong sa kanyang pagsisisi at pagbabago.

4. Lumalambot ang puso ng tao kapag nahaharap sa mga pagsubok at pagdurusa. Nagiging isang palalo, mapagmalaki at walang-habag ang isang taong hindi kailanman naharap sa mga pagsubok at pagdurusa.

5. Sa pamamagitan ng mga pagsubok at pagdurusa, magkakaroon ang tao ng tunay na katangian ng isang matiisin.

6. Sa pagharap ng tao sa mga pagsubok at pagdurusa, mapagtatanto niyang hindi siya maaaring umasa lamang sa kanyang sarili o maging sa iba. Maaari siyang umasa sa Allah. Tanging ang Allah ang pinagmumulan ng tulong at saklolo.

Pagkaraang isalaysay ang mga nabanggit na kapakinabangan, sinabi ni Ibn Rajab (kaawaan siya ng Allah), na kung susuriin at uunawain lamang ng tao, "malalaman niyang higit na malaki ang biyaya ng Allah sa isang mananampalataya dahil sa kanyang pagtitiis sa mga pagsubok at pagdurusa kaysa sa mga biyayang iginagawad ng Allah sa mga panahon ng katiwasayan."Susubukin tayong lahat ng Allah sa mundong ito. Maliwanag na sinabi ng Allah sa Banal na Qur'an (2:155) ayon sa kahulugan nito «Dapat tandaan na susubukin Namin kayo ng pagkatakot at pagkagutom, pagkawala ng yaman o buhay o bunga ng inyong pinagsikapan. Subali't magbigay ng magandang balita sa mga matiyagang nagtiis».

Ang pagsubok din ay tanda ng pagmamahal ng Allah sa tao, at para sa gayon ay maging matatag ang kanyang pananampalataya. Sapagkat sinabi ni Propeta, (Sumakanya ang kapayapaan) (Kapag mahalin ng Allah ang kanyang alipin ay pagka-kalooban Niya ng pagsubok). Kaya pinapaalala naming sa iyo kapatid at sa mga naniniwala sa pangyayari o pagsubok. Una, para sa mga dumarating na pangyayari (future) ay nararapat tanggapin na ito ay kagustuhang lahat ng Allah. Pangalawa, para sa kaslukuyang pangyayari o pagsubok , nararapat na ihanda ang ating mga sarili para sa pagtanggap ng mga ito. Ikatlo, para naman sa mga nakalipas na pangyayari o pagsubok (past) nararapat na hindi niya pagsisihan ang mga ito at hindi dapat na iugnay sa salitang «kung», halimbawa ay ang pagsasabi na kung ginawa ko ito o hindi ko ginawa ay hindi ganito ang mangyayari. ..Sapagkat sinabi ni Propeta, (Sumakanya ang kapayapaan) na ang salitang «law» na ang ibig sabihin ay «kung» ay kabilang sa gawaiin ni Satanas).

Ang Allah lamang ang higit na nakakaalam ng lahat.



